SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-4 NG NOBYEMBRE, 1998, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 155-T'98

KAPASIYAHANG SINUSUSUGAN ANG KAPASIYAHAN BLG. 142-T'98/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN NG PONDO BLG. 4-T'98 NG SANGGUNIANG BAYAN NA IDINADAGDAG ANG MGA SALITA NA TUMATALIMA SA SEKSYON 322 NG BATAS - REPUBLIKA BLG. 7160, PARA SA KAAYUSAN AT MAKATUWIRANG PAGLILIWAT NG LAANG GUGULIN NG PAMAHALAANG BAYAN.

SAPAGKA'T, pinahalagahan ang pagsususog sa Kapasiyahan Blg. 142-T'98/Kautusan sa Paglalaan ng Pondo Blg. 4-T'98 hinggil sa pinagtibay na karagdagang badyet na inilaan para sa pagpapatuloy ng programang "Clean and Green" ng pamahalaang bayan;

SAPAGKA'T, ang laang gugulin upang gamitin sa pagpapatuloy ng proyekto ay nararapat, ayon sa isinasaad sa Seksyon 322 ng Batas Republika Blg. 7160;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na susugan ang Kapasiyahan Blg. 142-T'98/Kautusan sa Paglalaan ng Pondo Blg. 4-T'98 ng Sangguniang Bayan na idinadagdag ang mga salita na tumatalima sa Seksyon 322 ng Batas-Republika Blg. 7160, para sa kaayusan at makatuwirang pagliliwat ng laang gugulin ng pamahalaang bayan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG
BY:
DATE